

5 HAKBANG UPANG MAGHANDA PARA SA ANUMANG SAKUNA

HAKBANG 1. TUMANGGAP NG MGA ALERTO

Mag-set up ng mga tool sa iyong telepono upang makakuha ng mga alerto sa emerhensiya at mensahe ng babala sa kaligtasan ng publiko kung saan ka nakatira at nagtatrabaho sa CalAlerts.org

HAKBANG 2. MAGPLANO

Talakayin kung paano maililigtas ang mga mahal sa buhay at kung paano ninyo mahahanap ang isa't isa.

HAKBANG 3. MAG-EMPAKE NG GO BAG

Mag-empake ng mahahalagang dokumento nang maaga. Maging handa upang kunin ang mga susi, pitaka, telepono/charger, gamot, at mga personal na gamit.

HAKBANG 4. GUMAWA NG KAHON PARA SA PANANATILI

Mag-empake ng mga supply para sa hindi bababa sa 3 araw sa bahay nang walang tubig o kuryente: pagkain na hindi masisira, tubig, plastik bag/balde na magiging banyo, flashlight, radyo, at mga baterya.

HAKBANG 5. TULUNGAN ANG IBA

Maging handa upang matulungan ang mga nangangailangan.

MGA MAPAGKUKUNAN

CalOES.ca.gov

Mga gabay, alerto, at mapagkukunan ng estado

ListosCalifornia.org

Kahandaan, pagtugon, at pagbawi sa sakuna

PrepareForPowerDown.com

Mag-sign up para sa mga update at babala ng utility

California Independent Living Centers - calsilc.ca.gov

Payo sa, pagpapalano, at mga mapagkukunan ng may kapansanan

Medical Baseline Program

Suporta at mga alerto para sa mga customer na may mga espesyal na pangangailangan sa enerhiya dahil sa mga kwalipikadong kondisyong medikal

- programang medikal na baseline ng Bear Valley:
tinyurl.com/bvesmbp
- programang medikal na baseline ng Liberty Utilities (CalPeco Electric):
tinyurl.com/libertymbp
- programang medikal na baseline ng PacifiCorp:
tinyurl.com/pacificorpmbp
- programang medikal na baseline ng PG&E:
tinyurl.com/pgæmbp
- programang medikal na baseline ng SCE:
tinyurl.com/scembp
- programang medikal na baseline ng SDG&E:
tinyurl.com/sdgembp
- Programang medikal na baseline ng SoCalGas:
tinyurl.com/socalgasmbp

MAIKLING GABAY SA KALIGTASAN

Bago ang, Sa panahon, at Pagkatapos ng

MGA PAGKAWALA NG KURYENTE



Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

BAGO ANG PAGKAWALA NG KURYENTE



Magplano para sa mga baterya, portable charger, at power bank upang matugunan ang iyong mga pangangailangan kapag nawalan ng kuryente.



Kumuha ng mga flashlight o lantern na may dagdag na baterya, at mga surge protector para sa mga sensitibong aparato. Huwag gumamit ng kandila o gasera.



Panatilihing ganap na naka-charge ang mga telepono at backup na baterya. Maghanda ng radyong pinapagana ng baterya para sa balita.



Maghanda ng mga freezer pack, yelo, at cooler upang panatilihing malamig ang gamot at pagkain.



I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan tungkol sa mga posibleng brownout. Hanapin ang kanilang mga numero ng emerhensiya at isulat ang mga ito kung sakaling kailangan mo silang tawagan.



Kung de-kuryente ang pinto ng iyong garahe, alamin kung nasaan ang manwal na release lever at alamin kung paano ito gamitin.



Alamin kung nasaan ang iyong mga circuit breaker at fuse box at kung paano suriin ang mga ito.

KUNG GUMAGAMIT KA NG MGA DE-KURYENTENG MEDIKAL AT PANTULONG NA APARATO:

- Talakayin ang isang personal na plano sa sakuna sa pamilya at mga caregiver. Kung hindi matugunan ang iyong mga pangangailangan sa panahon ng pagkawala ng kuryente, magplano kasama ang mga caregiver para sa transportasyon sa lokasyong may kuryente.
- Mag-empake ng Go Bag na may kasamang listahan ng pang-emerhensiyang kontak, listahan ng gamot na iyong iniinom, at impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na pangangailangan at device.
- Mag-sign up para sa mga alerto at serbisyo sa pagkawala ng kuryente ng iyong utility para sa mga taong may mga kapansanan, gaya ng transportasyon.
- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na departamento ng bumbero para malaman kung mayroon silang listahan ng mga taong may espesyal na pangangailangang medikal. Kung mayroon, hilingin sa kanilang idagdag ka sa listahan nila upang mas makatugon sila sa iyo sa panahon ng mga emergency.
- Kung gumagamit ka ng de-motor na wheelchair o scooter, maghanda ng dagdag na baterya. Ang baterya ng kotse ay maaari ring gamitin sa wheelchair, ngunit hindi ito magtatagal gaya ng deep-cycle na baterya ng wheelchair.

SA PANAHON NG PAGKAWALA NG KURYENTE



Iulat ang mga naputol na linya ng kuryente sa 9-1-1 at sa iyong utility. Ilayo ang mga tao at alagang hayop. Huwag magmaneho sa mga natumbang linya ng kuryente. Kung may nakadikit na ganito sa iyong kotse, lumayo ka.



Patayin ang lahat ng umaandar bago mawalan ng kuryente. Mag-iwan ng isang ilaw na makikita mo kapag bumalik na ang kuryente.



Hugutin sa saksakan ang sensitibong elektronikong kagamitan kung wala kang surge protector.



Huwag gumamit ng gas stove o oven upang painitin ang iyong bahay. Huwag gumamit ng grill sa loob para sa pagluluto ng pagkain.



Pumunta sa isang lokasyon sa komunidad na may kuryente kung matindi ang init o lamig. Kapag matagal nang walang kuryente, tawagan ang mga lokal na awtoridad o mga awtoridad ng county para maghanap ng mga lokasyong matutuluyan. Pinaglilingkuran ng mga pampublikong matutuluyan ang lahat at hindi ito maaaring humingi ng ID. May ilang matutuluyang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may kapansanan o alagang-hayop.



Panatilihing nakasara ang mga freezer at refrigerator. Pananatilihing malamig ng refrigerator ang pagkain nang halos apat na oras. Ang isang buong freezer ay magpapanatili ng temperatura sa loob ng halos 48 oras. Gumamit ng mga cooler na may yelo kung kinakailangan.



Sa labas lang gumamit ng generator, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Sa loob ng bahay, maaaring makapatay ang nakakalasang tambutso nito sa ilang minuto.

PAGKATAPOS NG PAGKAWALA NG KURYENTE



Kapag bumalik ang kuryente, huwag i-on ang anumang appliances o aparatong nabasa. Paisa-isang i-on ang appliances.



Huwag tikman ang pagkain para malaman kung ligtas ito. Itapon ang anumang pagkaing nasa 40 degrees o mas mataas sa loob ng dalawang oras o higit pa, o may kakaibang amoy, kulay, o tekstura. Kapag may pag-aalinlangan, itapon ito!



Suriin ang iyong personal na plano sa sakuna at gumawa ng mga pagbabago batay sa iyong kamakailang karanasan para paghandaan ang mga pagkawala ng kuryente sa hinaharap.